

# Pag-aayos at pagpapanatili



Ang fact sheet na ito ay nagbibigay sa mga nangungupahan ng Mission Australia Housing (MAH) ng impormasyon kung paano ayusin at panatiliin ang iyong tahanan.

## Pagbigay-alam ng mga aayusin

Upang ipaalam ang mga aayusin, ang mga nangungupahan sa NSW at QLD ay maaaring tumawag sa MAH hotline sa 1800 269 672. Ito ay serbisyong 24-oras. Ang mga nangungupahan sa TAS ay maaaring tumawag sa Lake Maintenance sa 1300 452 537.

Kapag nagbibigay-alam ng mga aayusin:

- Linawing kung ano ang problema - saan, ano ang apektado at iba pang mahalagang detalye gaya ng laki, gaano na katagal ang problema etc.
- Magbigay ng numero sa telepono kung saan ka maaaring tawagan

## Mga uri ng pag-aayos

### Emergency repairs – aaksyunan sa loob ng 4 na oras

Mga halimbawa ng emergency repairs ay:

- lubusang pagkawala ng kuryente o mapanganib na insidente sa kuryente
- lubusang pagkawala ng tubig o malubhang pagtulo ng tubig
- baradong inidoro, kung mayroon lamang isang inidoro sa inyong tahanan

- baradong drains o sewers na mapanganib sa kalusugan at kaligtasan
- kawalan ng pangpainit sa winter
- nasirang pintuan sa harap o likod
- nasirang bintana na maaaring pasukin ng tao
- panganib dulot ng maluwag na roof tiles, plaster, bricks, pagkakantero, alulod, at/o mga tubo

**Paalala:** Sa loob ng 4 oras ay hindi namin masisiguro na maaayos ang problema ngunit kami ay pupunta at titignan ito at gagawing ligtas hanggang makumpleto ang pag-aayos.

### Urgent repairs – aaksyunan sa loob ng 24 oras

Mga halimbawa ng urgent repairs ay:

- malaking pagtulo o pagtagas ng tubig
- pag-aayos matapos na may malisyosong pinsala na naganap
- pagkakabit ng bintana
- pagtatanggal ng bara sa mga drains, alulod, etc. na maaaring magdulot ng pagbaha o karagdagang pinsala
- baradong inidoro, kung may higit sa isang inidoro sa inyong tahanan
- pag-aayos sa mga elevator, entry phones at intercom
- pagkasira sa pangpainit at mainit na tubig

### Routine repairs - aaksunan sa loob ng 72 na oras ng trabaho

Mga halimbawa ng routine repairs ay:

- maliit na tulo ng tubig
- sira sa kuryente na hindi mapanganib
- pag-aayos sa bubong o sa hindi matibay o maluwag na pagkantero
- pag-aayos sa gusali
- pag-aayos ng tiles

### Non-routine repairs – aaksyunan sa loob ng 21 araw ng trabaho

Mga halimbawa ng non-routine repairs ay:

- pag-aayos sa labas ng ari-arian na hindi mahalaga
- pag-aayos sa gusali pagkatapos ng pag-tulo

### Paano kung ang pag-aayos ay hindi matapos sa mga oras na nabanggit?

Kung ikaw ay humiling ng pag-aayos sa iyong ari-arian, tanungin ang iyong Housing Manager sa detalye ng tagal ng panahon kung kailan mo aasahan na ikaw ay tawagan ng nangongontra at matapos ang trabaho. Kung ang trabaho ay hindi matapos sa binanggit na tagal ng panahon, makipag-ugnayan sa iyong Housing Manager upang matanong nila para sa iyo at masigurado na makumpleto ang trabaho.

## Mission Australia Housing fact sheet 7: Pag-aayos at pagpapanatili

- pag-aayos na sakop ng insurance (itinuloy sa kabila)
- pag-aayos sa mga pagkasira na dulot ng pagpapabaya ng nangungupahan
- iba pang masingil na pag-aayos

### Singil sa pag-aayos

Ang Mission Australia Housing ay maninigil ng bayad sa iyo para sa mga pag-aayos na dulot mo o sinumang nasa iyong tahanan ay sadyang sinira o pinabayaan ang ari-arian, halimbawa:

- Mga drain o tubo na barado dahil sa disposable nappies, sanitary towels, mga pagkain, etc.
- Ang paliguan, lababo o washing machine ay iniwan na tumatagas at nagdulot ng pinsala
- Mga fixtures, fittings o muwebles na sadyang sinira o tinanggal ng walang pahintulot
- Pagbabago sa ari-arian na ginawa nang walang pahintulot
- Mga sadyang pagsisira o pagpapabaya
- Mga pag-aayos na ginawa namin na dapat ay responsibilidad mo (tignan sa ibaba)
- Maling paggamit ng emergency service

Kung mayroong ibang tao na nagdulot ng pinsala sa iyong tahanan, ipaalam ito sa pulis at humingi ng police report na maibibigay mo sa amin.

### Mga pag-aayos na responsibilidad mo

**Ikaw ay ang responsable sa mga maliliit na pag-aayos; nakalista ang ilang halimbawa nito. Kung ikaw ay walang kakayanan gawin ito o hindi ito ligtas, ikaw ay tutulungan namin.**

Mga halimbawa ng ganitong pag-aayos ay:

- pagpapalit ng kandado kung mawala mo ang mga susi
- pagpapalit ng pasak at kadena sa lababo at paliguan
- pagpapalit ng bumbilya, ilaw at fuse
- pagpapanatili ng mga kagamitan na hindi galing sa amin
- pagkuha o pagpapalit ng basurahan
- pagtanggap ng anumang basura
- pagpunas at pagtanggap ng amag

### Mga pagbabago para sa mga kadahilanang medikal

Kung ikaw ay mayroong kundisyon sa kalusugan o may kapansanan na nangangailangan ng pagbabago sa iyong tahanan, kaya naming gumawa ng maliliit na trabaho upang tulungan ka manirahan mag-isa sa iyong tahanan. Kung kailangan mo ng mga pagbabago para sa mga kadahilanang medikal, makipag-ugnayan sa iyong Housing Manager.

**For more information regarding the repairs and maintenance policies at MAH, please contact your local MAH office.**

### Kalidad ng aming pag-aayos

Regular na sinusuri ng MAH ang lahat ng aspeto ng pag-aayos na aming binibigay at kayo ay hinihikayat na magbigay ng tugon sa iyong Housing Manager sa serbisyong binigay kasama ang kalidad ng trabaho at tagal ng panahon ng pagkumpleto nito. Regular kaming nakikipag-ugnayan sa mga nangungupahan na may nakumpletong pag-aayos sa kanilang ari-arian upang humingi ng tugon gamit ang aming survey.

Ang malalaking trabaho na ginawa ng mga nangongontrata ay maaaring mangailangan ng pagsusuri matapos ito makumpleto at ikaw ay maaaring tawagan ng iyong Housing Manager o Asset Manager upang tignan ang trabaho. Sa ganitong kaganapan, aalamin rin namin kung ikaw ay nasiyahan sa trabaho nila.

## Contact us



**Mission Australia Housing**  
580 George Street  
Sydney NSW 2000



1800 269 672



missionaustralia.com.au